**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**PHILIPPINE ARTS 199: METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

**GABAY SA ASSIGNMENT (Assignment Guide)**

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

## Paksa 1: Oryentasyon sa Klase at Introduksiyon sa Kurso

### <u>Assignment 1: Pagsulat ng Pagsusuri/Kritik ng Artikulo</u>

Maghanap ng artikulo sa isang online journal (lokal o internasyonal) tungkol sa larang ng sining. Sumulat ng pagsusuri/kritik ng artikulo. Isama ang link ng artkulo sa iyonng kritik. Lalamanin ng iyong kritik ang sumusunod na impormasyon:

a. Kompletong citation ng artikulo
b. Suliranin ng pag-aaral (research question)
c. Pangunahing teoryang ginamit sa pananaliksik
d. Metodolohiyang ginamit sa pag-aaral
e. Pagbubuod ng resulta ng pag-aaral
f. Kahinaan o kalakasan ng pag-aaral

| |
|---|
| **Format**: Arial, size 12, justified text, double spaced, pdf format, 2000 salita (max) |
| **Rubrik ng pagupuntos (10pts):**<br><br>Mabisang pagtatasa sa mga bahagi ng artikulo 5pts<br>Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag at pag-uugnay 3pts<br>Malinaw at mahusay na paggamit ng wika 2pts |

**Paksa 3: Paglalatag ng Disenyo ng Pananaliksik**

**<u>Assignment 2: Pagbubuo ng Suliranin at Pagtitiyak ng Layunin</u>**

Maghanda ng listahan ng limang (5) paksa na naglalaman ng suliranin ng pag-aaral. Alalahanin ang mga pamantayan sa pagbubuo ng suliranin na tinalakay sa mga babasahin at talakayan sa klase. Sa bawat paksang napili, maglatag ng tatlo (3) hanggang limang (5) tiyak na layunin ng pananaliksik.

| | |
|---|---|
| **Format**: Arial, size 12, justified text, double spaced, pdf format | |
| **Rubrik ng pagupuntos (10pts):** | |
| Malinaw at angkop na pagpili ng paksa | 2pts |
| Mabisang pagbabalangkas ng suliranin ng pag-aaral | 5pts |
| Maayos na paglalatag ng mga tiyak na layunin | 3pts |

**<u>Assignment 3: Rebyu ng Kaugnay na Literatura</u>**

Maghanda ng sampung (10) sanggunian kaugnay ng aprobadong paksa. Alalahanin ang mga pamantayan sa paghahanap at pagpili ng sanggunian na tinalakay sa mga babasahin at talakayan sa klase. Bawat sanggunian ay kailangang maglaman ng sumusunod na impormasyon:

a. Kompletong citation ng sanggunian

b. Metodolohiyang ginamit sa pag-aaral

c. Pagbubuod ng nilalaman ng sanggunian

d. Kaugnayan ng sanggunian sa aprobadong paksa

| | |
|---|---|
| **Format**: Arial, size 12, justified text, double spaced, pdf format | |
| **Rubrik ng pagupuntos (100pts):** | |
| Malinaw at angkop na pagpili ng mga sanggunian | 20pts |
| Mabisang pagtatasa sa mga bahagi ng artikulo | 50pts |
| Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag at pag-uugnay | 30pts |

**Paksa 4: Metodolohiya ng Pananaliksik**

**<u>Assignment 4: Pagsasagawa ng Sarbey</u>**

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Bumuo ng grupo na may 3-5 miyembro. Pagpulungan ninyo ang pagbabalangkas ng isang impormal na online survey na may 5-8 tanong. Ibibigay ang paksa sa klase. Kailangan ninyong tukuyin ang sample population na maging tuon ng sarbey.

Pagkatapos ng sarbey, maghandang itala at iulat ang resulta sa klase. Maghanda ng isang maikling presentasyon ng resulta ng sarbey.

| | |
|---|---|
| **Format**: Powerpoint slides na naka-save sa pdf format, 10 slides max | |
| **Rubrik ng pagupuntos (10pts):** | |
| Malinaw na presentasyon ng datos | 3pts |
| Mabisang pagbabalangkas ng kuwestiyonaryo | 4pts |
| Maayos na pagtatasa ng resulta ng sarbey | 3pts |

## Assignment 5: Pagsasagawa ng Case Study

Magsagawa ng isang case study sa isang grupo, setting, o organisasyonng pangsining. Alalahanin ang mga pamantayan sa pagsasagawa ng case study na tinalakay sa mga babasahin at talakayan sa klase. Kumonsulta sa propesor tungkol sa napiling paksa bago simulan ang case study.

| | |
|---|---|
| **Format**: Arial, size 12, justified text, double spaced, pdf format, 2000 salita (max) | |
| **Rubrik ng pagupuntos (10pts):** | |
| Mabisang pagtatasa sa paksa ng case study | 5pts |
| Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag at pag-uugnay | 3pts |
| Malinaw at mahusay na paggamit ng wika | 2pts |

## Assignment 6: Pag-uulat ng Research Proposal

Maghanda ka ng maikling video presentation ng iyong research proposal. Alalahanin ang mga pamantayan sa mga bahagi ng research proposal na tinalakay sa mga babasahin at talakayan sa klase.

| | |
|---|---|
| **Format**: Powerpoint slides na naka-save sa pdf format, 10 slides max 10 minutos (max) | |
| **Rubrik ng pagupuntos (10pts):** | |
| Malinaw na presentasyon ng research proposal | 3pts |
| Mabisang pagtalakay ng mga bahagi ng research proposal | 5pts |
| Angkop na pagsunod sa format ng presentasyon | 2pts |

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

## Assignment 7: Pagsulat ng Pinal na Research Proposal

Ihanda ang iyong pinal na research proposal. Alalahanin ang mga pamantayan sa mga bahagi ng research proposal na tinalakay sa mga babasahin at talakayan sa klase.

| |
|---|
| **Format**: Arial, size 12, justified text, double spaced, pdf format, 5000 salita (max) |
| **Rubrik ng pagupuntos (10pts):**<br><br>Mabisang pagtalakay sa piniling paksa 5pts<br>Maayos na pagbabalangkas ng mga bahagi ng proposal 3pts<br>Malinaw at mahusay na ugnayan ng mga bahagi 2pts |

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)